## Part 5: Ang Tungkol Sa Lipunan

### 5.3 KAPWA KO

Matapos sabihin ng Panginoong Jesus na ang pinakamahalagang kautusan ay ang mahalin ang Diyos ng buong puso, kaluluwa, isip at lakas, binanggit Niya na ang pangalawa ay tulad ng una: Mahalin mo ang iyong kapwa tulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili. (Matthew 22:39)

**TIME OUT**

1. Ano ang pinakamahalagang kautusan ayon kay Cristo?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ano ang pangalawang utos na binanggit ni Cristo?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

**PAG-ISIPAN:**

| | |
|---|---|
| Ang aking alam | Mamahalin ko ang aking kapwa dahil: |
| | Mamahalin ko ang aking kapwa sa pamamagitan ng: |

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong.




Ang mga Tupa at ang mga Kambing Mateo 25:31-46

Darating ang Anak ng Tao sa kaniyang kaluwalhatian kasama ng mga banal na anghel. Kapag Siya ay dumating, Siya ay uupo sa trono ng Kaniyang kaluwalhatian. Titipunin Niya ang lahat ng mga bansa sa Kaniyang harapan. Ihihiwalay Niya sila sa isa't-isa katulad ng paghihiwalay ng pastol sa mga tupa mula sa mga kambing. Itatalaga Niya ang mga tupa sa Kaniyang kanang kamay, ngunit ang mga kambing ay sa Kaniyang kaliwa.

Pagkatapos ay sasabihin ng hari sa mga nasa Kaniyang kanang kamay: Halikayo, mga pinagpala ng Aking Ama. Manahin ninyo ang paghaharing inihanda sa inyo mula pa nang itatag ang sanlibutan. Ito ay sapagkat nagutom Ako at binigyan ninyo Ako ng makakain. Nauhaw Ako at binigyan ninyo Ako ng maiinom. Ako ay naging taga-ibang bayan at Ako ay inyong pinatuloy. Ako ay naging hubad at dinamitan ninyo. Nagkasakit Ako at Ako ay inyong dinalaw. Nabilanggo Ako at Ako ay inyong pinuntahan.

Sasagot naman ang mga matuwid sa kaniya: Panginoon, kailan ka namin nakitang nagutom at pinakain ka namin o nauhaw at binigyan ng maiinom? Kailan ka namin nakitang naging taga-ibang bayan at pinatuloy ka o naging hubad at dinamitan ka namin? Kailan ka namin nakitang nagkasakit o nabilanggo at dumalaw kami sa iyo?

Sasagot ang hari sa kanila: Katotohanang sinasabi Ko sa inyo: Anuman ang ginawa ninyo sa isa sa pinakamaliit na kapatid Ko, ginawa ninyo ito sa Akin.

Sasabihin din niya roon sa mga nasa kaliwa: Lumayo kayo sa akin, mga isinumpa. Doon kayo sa apoy na walang hanggan na inihanda para diyablo at sa kaniyang mga anghel. Ito ay sapagkat nagutom ako ngunit hindi ninyo ako binigyan ng makakain. Nauhaw ako ngunit hindi ninyo ako binigyan ng maiinom. Ako ay naging taga-ibang bayan ngunit hindi ninyo ako pinatuloy. Ako ay naging hubad ngunit hindi ninyo ako dinamitan. Nagkasakit ako at nabilanggo ngunit hindi ninyo ako dinalaw.

Sasagot din sila sa kaniya: Panginoon, kailan ka namin nakitang nagutom, o nauhaw, o naging taga-ibang bayan, o naging hubad o nabilanggo at hindi kami naglingkod sa iyo?

Siya ay sasagot sa kanila na sinasabi: Katotohanang sinasabi ko sa inyo: Anuman ang hindi ninyo ginawa para sa isa sa mga pinakamaliit na ito, o naging hubad o nabilanggo at hindi kami naglingkod sa iyo?

Siya ay sasagot sa kanila na sinasabi: Katotohanang sinasabi ko sa inyo: Anuman ang hindi ninyo ginawa para sa isa sa mga pinakamaliit na ito, hindi rin ninyo ito ginawa sa akin.

- Sa iyong nabasa, ano ang dalawang uri ng tao na kausap ni Jesus?

  ______________________________________________

- Sino ang mga kambing na tinutukoy ni Jesus?

  ______________________________________________

- Sino naman ang mga tupa na tinutukoy ni Jesus?

  ______________________________________________

- Ano ang sinabi ni Jesus sa mga tupa?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

- Ano sinabi ni Jesus sa mga kambing?


______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**PAG-USAPAN:**

*Ang tanong ay ito: Paano ko mamahalin ang aking kapwa?*



Aminin man natin o hindi, ang tanong na ito ay mahirap sagutin nang basta-basta na lamang. Ang Scriptura na rin ang makakatulong sa atin.



Una, Unawain natin kung bakit kapatid ang turing ng Panginoong Jesus sa mga tupa na Kanyang kinalugdan. Sinasabi sa John 1:12 na ang tumanggap sa Kanya at naniniwala sa Kanyang pangalan ay pinagkalooban Niya ng karapatan na maging mga anak ng Diyos. Sa Romans 8:29 sinasabi naman na ang mga kinilala ng Diyos ay Kanyang tinalaga na maging kawangis ng Kanyang Anak upang Siya ay maging panganay ng maraming kapatiran. Samakatuwid, ang mga tupa ni Cristo ay mga anak din ng Diyos.

Ikalawa, ang katuruang ito ay sinabi ng Panginoon in general terms. Kung baga, general guidelines na dapat balansehin ang mga particular na tagubilin tulad ng sinabi ni Apostol Pablo sa 2 Thessalonians 3:10 na nagsasabing, *Ang isang kapatid na ayaw magtrabaho, ay hindi dapat pakainin. Hindi dapat abutan ng tulong ang mga tamad at ang mga ayaw tumalikod sa kanilang masamang ugali.* Dapat din nating liwanagin na hindi pagtatakwil ang ibig sabihin na huwag pakainin ang mga tamad. Ang hindi pagtulong sa mga ito ay para na rin sa kanilang kapakanan sapagkat ang mga nagugutom ay mapipilitang maghanap-buhay.

Sa 1 John 4:19-21, sinabi ni Apostol Juan ang ganito: “Nagmamahal tayo sapagkat minahal muna tayo ng Diyos. Kung may nagsasabing mahal niya ang Diyos subalit kinamumuhian niya ang kanyang kapatid, siya ay sinungaling. Sapagkat ang sinuman na hindi nagmamahal sa kanyang kapatid na kanyang nakikita, ay hindi nagmamahal sa Diyos na hindi pa niya nakikita. Iniutos sa atin ni Cristo: Kung sino ang magmamahal sa Diyos ay dapat magmahal sa kapatid.”

Ano ang pamantayan ng pagmamahal sa kapwa? Matapos sabihin ng Panginoong Jesus na ang pinakamahalagang kautusan ay ang mahalin ang Diyos ng buong puso, kaluluwa, isip at lakas, binanggit Niya na ang pangalawa ay tulad ng una: *Mahalin mo ang iyong kapwa tulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili.* Matthew 22:39

Nang masaksihan ni Joshua ang pag-uusap ng kanyang ina at kanyang lola, siya ay nabagabag. Naisip niyang lapitan si Pastor Edwin, ang namumuno sa feeding program sa kanilang eskwelahan at si Joshua ay nagpasyang mag undergo ng counselling. Ito ay ibinalita ng guro ni Joshua sa kanyang ina. Hanggang sa dumating ang araw na si Joshua ay lumapit sa kanyang ina at lola, siya ay humingi ng tawad sa kanila at siya ay nangako na siya ay magbabago na. Sa kanilang eskwelahan naman, nagulat ang mga kaklase ni Joshua dahil nagdaan ang isang linggo na hindi ito gumagawa ng ingay, nakikinig na siya sa kanyang guro, iniiwasan na rin niya na makasakit ng damdamin ng iba, tumutulong na siya sa kanyang mga kaklase at higit sa lahat nag-aaral na siyang mabuti. Nakikisama na rin siya sa programa na pinamumunuan ng iglesya nila Pastor Edwin. Nagpapakita na rin si Joshua ng interes sa pagbabasa ng Bibliya. Lubos ang kagalakan ng ina ni Joshua dahil sa nakikita nitong biglang pagbabago sa pag-uugali ng kanyang anak.

Sa paanong paraan ipinakita ni Joshua ang pagmamahal niya sa kanyang kapwa?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



Nararapat nating mahalin ang ating kapwa sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila sa oras ng pangangailangan. Atin ding alalahanin na hindi lahat ng pangangailangan ay sanhi ng katamaran o kasamaan. Mayroon tayong mga kababayan na naghihirap dahil sa dulot ng isang calamidad, tulad ng bagyo, lindol, sunog, pagnanakaw, o kaya naman ay dahil sa pagka-layoff sa trabaho. Dapat natin silang tulungan sa abot ng ating makakaya.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Kung ikaw si Joshua, nanaisin mo rin bang magbago kung nakikita mong nahihirapan nang makisama sa iyo ang mga taong nakapaligid sa iyo? Ipaliwanag ang iyong sagot.

2. Lahat ba ng kabutihang ipinakita ni Joshua sa kanyang kapwa ay ginawa niya na rin sa Diyos? Bakit?

3. Makakaya mo bang mahalin ang kapwa mo na ubod ng tamad at pala-asa? Paano mo mamahalin ang mga taong katulad nito?

4. Kung ang batayan ng pag-ibig sa kapwa ay gaya ng pag-ibig sa sarili, paano mo ito isasakatuparan? Magbigay ng isang specific na halimbawa.

| | |
|---|---|
| Natutuhan ko na | Mamahalin ko ang aking kapwa dahil: |
| | Mamahalin ko ang aking kapwa sa pamamagitan ng: |

**Verse of the Day:**

Ang paggawa ng mabuti at pakikibahagi sa paglilingkod ay huwag ninyo itong kaliligtaan sapagkat kalugod-lugod sa Diyos ang mga handog na tulad nito. ***Hebrews 13:16***